DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

BAGONG PILIPINAS

# MAINLAND at INSULAR na TIMOG-SILANGANG ASYA

ARALING PANLIPUNAN 7
UNANG TERMINO | UNANG LINGGO

Ikatlong Araw

# MAPANG-usisang Pagbati, Grade 7!

Mula sa matatayog na kabundukan hanggang sa mahahalagang kipot at dagat, makikita ang malaking papel ng kalikasan sa paghubog ng rehiyon.

Ngunit sa dami ng pangalan at lugar, may agad tumatatak, at may ilan talagang mahirap  tandaan.



## ARAL NG NAKARAAN, ATING BALIKAN!

# MAPA- MEMORYA CHECK!

Tukuyin kung **TAMA** o **MALI** ang bawat pahayag.

1. Ang Borneo ay ikatlong pinakamalaking pulo sa daigdig. **TAMA**
2. Ang Hkakabo Razi ang pinakamataas na bundok sa Timog-Silangang Asya na matatagpuan sa Thailand. **MALI** *Myanmar*
3. Ang kipot ay makitid na daanang tubig na nagdurugtong sa dalawang mas malaking anyong tubig. **TAMA**
4. Ang Eurasian Plate, Philippine Sea Plate, at Indo-Australian Plate ay kabilang sa mga tectonic plate na nakaaapekto sa Timog-Silangang Asya. **TAMA**
5. Ang tangway ay lupaing napaliligiran ng tubig sa apat na panig. **MALI** *tatlong panig*

# MAPA- MEMORYA CHECK!

Tukuyin kung **TAMA** o **MALI** ang bawat pahayag.

6. Kabilang ang malaking bahagi ng Timog-Silangang Asya sa Pacific Ring of Fire. **TAMA**
7. Ayon sa Continental Drift Theory, ang supercontinent na Pangaea ay biglaang nagkahiwa-hiwalay. **MALI** *unti-unting nagkahiwa-hiwalay*
8. Ang Ilog Mekong ay mahalaga sa transportasyon, agrikultura, at pangingisda sa rehiyon. **TAMA**
9. Ang mga anyong lupa at anyong tubig ay may impluwensiya sa transportasyon, kalakalan, at kabuhayan ng mga tao. **TAMA**
10. Ang Indonesia ay binubuo ng humigit-kumulang 1,700 pulo lamang. **MALI** *17,000 pulo*

# ISANG REHIYON, DALAWANG PANGKAT?

Suriin ang mapa at sagutin ang mga tanong.




1. Aling mga bansa ang magkakalapit?
2. Aling mga bansa ang tila nahihiwalay?
3. Kung hahatiin sa dalawang pangkat ang mga bansa sa rehiyon, paano ito maaaring gawin?

# ISANG REHIYON, DALAWANG PANGKAT?

Suriin ang mapa at sagutin ang mga tanong.




1. Aling mga bansa ang magkakalapit?
2. Aling mga bansa ang tila nahihiwalay?
3. Kung hahatiin sa dalawang pangkat ang mga bansa sa rehiyon, paano ito maaaring gawin?

# ISANG REHIYON, DALAWANG PANGKAT?

Suriin ang mapa at sagutin ang mga tanong.




1. Aling mga bansa ang magkakalapit?
2. Aling mga bansa ang tila nahihiwalay?
3. Kung hahatiin sa dalawang pangkat ang mga bansa sa rehiyon, paano ito maaaring gawin?

# ISANG REHIYON, DALAWANG PANGKAT?

Suriin ang mapa at sagutin ang mga tanong.




1. Aling mga bansa ang magkakalapit?
2. Aling mga bansa ang tila nahihiwalay?
3. Kung hahatiin sa dalawang pangkat ang mga bansa sa rehiyon, paano ito maaaring gawin?

Mga bansang magkakadugtong ang kalupaan at mga bansang binubuo ng mga pulo o kapuluan.

# ISANG REHIYON, DALAWANG PANGKAT?




Ang Timog-Silangang Asya ay nahahati sa dalawang pangunahing bahagi: ang **MAINLAND** at **INSULAR** na Timog-Silangang Asya.

# LAYUNIN NG ARALING ITO

na matukoy ang pagkakaiba
ng **MAINLAND** at **INSULAR**
na bahagi ng Timog-Silangang Asya,
maiuri ang mga bansa ayon sa
kanilang lokasyon at anyong pisikal,
at maipaliwanag kung paano
nakaaapekto ang pagiging
**MAINLAND** o **INSULAR**
sa ugnayan, kabuhayan, kalakalan,
at pamumuhay
ng mga tao sa rehiyon.



# MAINLAND SOUTHEAST ASIA

**Mainland Southeast Asia**
**Indochina**



| | |
|---|---|
| **Area** | 2,071,552 km$^2$ (799,831 sq mi) |
| **Population** | 276,966,662 (2025) |
| **Population density** | 133.7/km$^2$ (346/sq mi) (2025) |
| **Demonym** | Southeast Asian, Mainland Southeast Asian |
| **Countries** | Cambodia<br>Laos<br>Malaysia (peninsular portion only)<br>Myanmar<br>Singapore<br>Thailand<br>Vietnam |

Ang **Mainland** o **Pangkontinenteng Timog-Silangang Asya** ay bahagi ng rehiyong Timog-Silangang Asya na **karugtong** ng malaking kalupaan ng kontinente ng Asya.



# MAINLAND SOUTHEAST ASIA




Matatagpuan ito sa isang tangway na nasa pagitan ng **South China Sea** at **Indian Ocean.**

# MAINLAND SOUTHEAST ASIA




Kabilang dito ang

**MYANMAR, THAILAND, LAOS, CAMBODIA, VIETNAM, KANLURANG BAHAGI NG MALAYSIA (PENINSULAR MALAYSIA),**

# MAINLAND SOUTHEAST ASIA




Kabilang dito ang

**MYANMAR, THAILAND, LAOS, CAMBODIA VIETNAM, KANLURANG BAHAGI NG MALAYSIA (PENINSULAR MALAYSIA),**

**at SINGAPORE.**

# MAINLAND SOUTHEAST ASIA




Kabilang dito ang

**MYANMAR, THAILAND, LAOS, CAMBODIA VIETNAM, KANLURANG BAHAGI NG MALAYSIA (PENINSULAR MALAYSIA), at SINGAPORE.**

# MAINLAND SOUTHEAST ASIA




Bagama't isang isla ang **Singapore,** karaniwan itong isinasama sa Mainland Timog-Silangang Asya




dahil matatagpuan ito sa dulo ng **Malay Peninsula** at malapit sa mga bansang nasa tangway.

# MAINLAND SOUTHEAST ASIA




Mapapansing magkakarugtong ang kalupaan ng karamihan sa mga bansang kabilang sa pangkat na ito. Bagama't may mga **baybayin** at nakaharap sa **dagat,** hindi sila binubuo ng malalawak na kapuluan tulad ng mga bansang kabilang sa Insular na Timog-Silangang Asya.

# INSULAR SOUTHEAST ASIA

Ang **Insular** o **Pangkapuluang Timog-Silangang Asya** naman ay bahagi ng rehiyon na binubuo ng mga pulo at kapuluan. Mas malapit ito sa dagat, baybayin, at mga rutang pandagat.



# INSULAR SOUTHEAST ASIA




Kabilang dito ang

**PILIPINAS,**

**BRUNEI DARUSSALAM,**

**SILANGANG BAHAGI NG MALAYSIA,**

**INDONESIA,**


**at TIMOR-LESTE.**

# INSULAR SOUTHEAST ASIA

Sa mapa, mapapansing hiwa-hiwalay ang kanilang mga lupain at pinagdurugtong ng mga dagat at kipot.



# INSULAR SOUTHEAST ASIA




Dahil matatagpuan ang rehiyong ito sa hangganan ng ilang **tectonic plate,** marami rito ang mga bulkan, kabundukan, at pulo. Dahil dito, mayaman ang rehiyon sa likas na yaman at biodiversity, ngunit mas madalas din itong makaranas ng lindol at pagputok ng bulkan.

# INSULAR SOUTHEAST ASIA





Ngunit hindi lahat ng pulo sa Insular Timog-Silangang Asya ay magkakahiwalay noon.

Libu-libong taon na ang nakalipas, mas mababa ang lebel ng dagat kaya may mga bahagi ng kalupaan na magkakadugtong.

# INSULAR SOUTHEAST ASIA

Ang **Sunda Shelf** ay mababaw na bahagi ng kalupaan sa ilalim ng dagat na dating nag-uugnay sa ilang lugar sa Indonesia, Malaysia, at Brunei.



# INSULAR SOUTHEAST ASIA

Sa kabilang panig
naman ay ang
**Sahul Shelf,**
na may kaugnayan
sa Australia
at New Guinea.



# INSULAR SOUTHEAST ASIA

Sa pagitan ng dalawang bahaging ito matatagpuan ang **Wallacea,** isang sona na tahanan ng maraming natatanging halaman at hayop.



# INSULAR SOUTHEAST ASIA

Dahil sa pagtaas ng lebel ng dagat at iba pang pagbabagong heolohikal, nahati ang dating magkakaugnay na lupain at naging mga pulo at kapuluan. Isa ito sa mga dahilan kung bakit napakaraming pulo at napakayaman ng biodiversity sa Insular Timog-Silangang Asya.




# SPECIAL CASE: MALAYSIA

Ang Malaysia ay maikakategorya bilang parehong **MAINLAND** at **INSULAR.**




Ang West Malaysia ay nasa Malay Peninsula, kaya may katangiang **MAINLAND.** Ang East Malaysia naman ay nasa pulo ng Borneo, kaya may katangiang **INSULAR.**

# SOUTHEAST ASIA




## MAINLAND SOUTHEAST ASIA

## INSULAR SOUTHEAST ASIA

